



Office of the Secretary

MEMORANDUM PANGKAGAWARAN
Blg. 388, s. 2006

NOV 07 2006

PAMBANSANG SEMINAR-WORKSYAP SA FILIPINO

Sa mga: Direktor ng Kawanihan
Direktor Panrehiyon
Direktor ng Lingkurang Sentro at mga Puno ng Yunit
Tagapamahala ng mga Paaralan
Patnugot ng mga Paaralan

1. Ang Star Literacy Learning Center (SLLC), sa pakikipagtulungan ng Daniel Aguinaldo School at Sentro ng Wikang Filipino, Unibersidad ng Pilipinas at sa koordinasyon ng Kagawaran ng Edukasyon (DepED) at Komisyon ng Mataas na Edukasyon (CHED) ay magdaraos ng Pambansang Seminar-Worksyap sa Filipino na gaganapin sa Disyembre 9-10, 2006 sa Regency Inn, Villa Abrille St., Davao City. Ang tema ng Seminar ay "Mga Teorya at Lapit sa Pagtuturo."
2. Ang mga layunin ng seminar-worksyap ay ang mga sumusunod:
 - a. mabigyan ng karagdagang kaalaman ang mga guro sa antas elementarya, sekondarya at tersyarya hinggil sa pagsulat ng komposisyon, pagbuo ng pagsusulit, at paghahanda ng mga kagamitang pampagtuturo;
 - b. pag-ibayuhin ang kaalaman ng mga guro sa teoretikal na aspeto at sa paggamit ng iba't ibang lapit at pamamaraan sa pagtuturo ng Wika at Panitikang Filipino; at
 - c. maisagawa ng mga guro na mapabago ang pananaw ng mga mag-aaral sa wikang Filipino bilang isang wikang dinamiko na umaayon sa gamit ng lipunan.
3. Ang mga dadalo sa seminar na ito ay mga puno/dekano ng kolehiyo at unibersidad, superintendente, superbisor, punong-guro, katuwang na punong-guro, tserman ng Departamento ng Filipino, mga propesor at guro sa antas elementarya, sekondarya at tersyarya, iba pang mga administrador at guro sa ibang larangan o disiplina. Inaanyahan din ang mga mag-aaral ng AB, BEED at BSE Filipino at mga mag-aaral sa iba't ibang disiplina na may interes na maging bihasa sa wikang Filipino.
4. Ang bayad sa rehistrasyon ay Dalawang Libo at Walong Daang Piso (PhP2,800.00) na ibabayad ng bawat kinatawan na gugugulin para sa kit, apat (4) na meryenda, at dalawang (2) tanghalian. Samantala ang bayarin sa pananatili sa hotel ay Tatlong Daan at Limampung Piso (PhP350.00) bawat delegado sa bawat araw.
5. Para sa karagdagang impormasyon, maaring makipag-ugnayan kay Dr. Teresita P. Semorlan at Bb. Joy Diaz sa cellphone blg. 0919-6212425 o 0906-8073525; fax blg. 062-991-2360 at e-mail sa starliteracycenter@yahoo.com.ph at aidz_sem@yahoo.com.

6. Hinihiling ang maaga at malawakang pagpapalaganap ng Memorandum na ito.

K. C. Bacani
RAMON C. BACANI
Pangalawang Kalihim

Sanggunian:

Memorandum Pangkagawaran: Blg. 235, s. 2005

Pamumudmod: 1- -(D.O. 50-97)

Iilagay sa Palagiang Talatuntunan
sa ilalim ng mga sumusunod na paksa:

Learning Area, FILIPINO
SEMINARS
STUDENTS
TEACHERS
WORKSHOPS

Reformatted by: Maricar/DM-Seminar-Workshop sa Filipino
10-25-06/computer:madel